

# ITANONG MO KAY DOK Z

NI ROBERTO ZAIDE M.D.

# Pigsa

Ito ay sagot sa isang tanong na natanggap ko galing sa mga nagbabasa ng kolum na ito. Si Dr. Jeffy G. Guerra, isang surgical resident sa Ospital ng Maynila Medical Center ang nag-ulat nito.

**Ang Pigsa (Carbuncle o Boil)**

Ang carbuncle o pigsa sa salitang Tagalog ay isa sa mga pangkaraniwang impeksyon sa kalamnan ng isang tao. Ito ay ang magkakasamang impeksyon ng magkakatabing hair follicle na nagiging dahilan ng pamumula, pamamaga at pagnanana ng taba o kalamnan sa ilalim ng balat.

Humigit-kumulang sa 20 kaso ang nakikita sa OMMC kada buwan noong nagdaang 2003. Ang edad ay mula 16-75 na may 3:1 na mas marami sa lalaki kaysa babae.

Ang carbuncle o pigsa ay maaaring mag-umpisa bilang pamumula ng balat o simpleng bukol na sa katagalan ay nagiging malambot dahil ito ay naghahakot ng nana sa apektadong lugar ng katawan. Ito ay karaniwang matatagpuan sa leeg o likurang parte ng katawan. Madalas ito sa mga taong may diabetes.

Ang carbuncle ay mula sa mikrobyo ng balat na nanunuot sa ugat ng balahibo upang maging sanhi ng impeksyon. Isang sanhi nito ay ang kawalan ng kalinisan sa pangangatawan ng isang tao.

Ang gamutan ay depende sa lala ng carbuncle. Maaaring makuha sa antibiotic kung ito ay nag-uumpisa pa lang. Subalit kung ang bukol ay may senyales ng pagnanana, ang lunas ay operasyon na tinatawag na "incision and drainage" o paghiwa sa ibabaw ng balat ng apektadong lugar upang mailabas ang nana rito.

Ang Ospital ng Maynila Medical Center, Department of Surgery ay handang tumulong sa mga taong nakakaranas ng ganitong uri ng karamdaman. Maaari kayong kumonsulta Lunes hanggang Biyernes, 8-9 ng umaga sa Dispensaryo ng Surgery OMMC.